



Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Ika-7 ng Nobyembre, 2023, Espesyal na Eleksyon ay magsisimula sa Lunes, Ika-9 ng Oktubre sa [Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego](#) na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego, CA, 92123 sa County Operations Center campus sa Kearny Mesa.

- Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas para sa pagboto mula Lunes hanggang Biyernes, Ika-8 ng umaga hanggang Ika-5 ng hapon hanggang sa huling araw ng pagboto, Ika-7 ng Nobyembre kung saan ang oras ng botohan ay magbabago mula Ika-7 ng umaga hanggang Ika-8 ng gabi.

Ang mga vote center ay bukas ng labing-isang araw. Simula Sabado, Ika-28 ng Oktubre, piling mga vote center ang magbubukas araw-araw mula Ika-8 ng umaga hanggang Ika-5 ng hapon hanggang sa huling araw ng pagboto, Ika-7 ng Nobyembre kung saan lahat ng mga vote center ay bukas mula Ika-7 ng umaga hanggang Ika-8 ng gabi.

Pagsusuri sa Logic at Ganap na Kawastuhan ng Sistema ng Pagboto:

- Simula Miyerkules, Ika-3 ng Oktubre mula Ika-10 ng umaga hanggang Ika-4 ng hapon, araw-araw o hanggang sa makumpleto.

Pagproseso ng mga Balotang Pangkoreo:

- Inaasahang magsisimula ang pagbeberipika ng mga sobrang pagbabalikan sa Ika-13 ng Oktubre.
- Inaasahang magsisimula ang pagbubukas at paghahanda ng tabulasyon ng mga pangkoreong balota sa Ika-16 ng Oktubre.
- Inaasahang magsisimula ang pag-scan ng balota at paghahatol sa Ika-27 ng Oktubre.

Ang mga resulta ng botohan ay ipo-post sa sumusunod na iskedyul:

- Pagkatapos ng Ika-8 ng gabi, Martes, Ika-7 ng Nobyembre (matapos magsara ang mga vote center, ang pana-panahong pag-update ng mga resulta ay magpapatuloy buong gabi hanggang sa mai-report ang lahat ng mga balota ng mga vote center).
- Pagkatapos ng gabi ng eleksyon, ang susunod na pag-update sa mga hindi opisyal na mga resulta ay ipo-post ayon sa sumusunod na iskedyul:
 - Pagsapit ng Ika-5 ng hapon, Huwebes, Ika-9 ng Nobyembre
 - Pagsapit ng Ika-5 ng hapon, Lunes/Miyerkules/Biyernes, Ika-13 ng Nobyembre hanggang sa Ika-17 ng Nobyembre.
- Maaaring magkaroon ng mga karagdagang pag-post ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Mangyaring tandaan na ang opisina ay magsasara sa Ika-10 ng Nobyembre bilang pag-oberba sa Veteran's Day at sa Ika-23 at Ika-24 ng Nobyembre para sa pag-oberba sa Thanksgiving.

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang opisyal na canvass ng eleksyon sa o bago ang Ika-7 ng Disyembre.

Pinapayagan ang pampublikong obserbasyon sa alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas. Kung kayo ay mayroong organisadong grupo ng mga boluntaryo at nais i-coordinate ang inyong aktibidad para sa obserbasyon ng mga grupo, kontakin kami sa 858-565-5800.